

NOVEL CORONAVIRUS

Ano ang Kailangan Mong Malaman

Ang agarang panganib sa pangkalahatang publiko sa County ng Los Angeles ay mababa. Ang Pampublikong Kalusugan ay maingat na sinusuri ang sitwasyong ito habang ito ay nagbabago.

Paano ito kumakalat



Sa pamamagitan ng mga patak kapag ang isang nahawaang tao ay umuubo o bumahin



Malapit na personal na pakikisalamuha, tulad ng pag-aalaga sa isang nahawaang tao

Ang novel coronavirus ay isang bagong uri ng virus na kamakailan ay nagsisimulang magsanhi ng sakit sa mga tao.

Nagsimula ito sa kalakhang Tsina ngunit ngayon ay nakakahawa na rin sa mga tao sa ibang mga bansa.

Ano ang mga sintomas?



Lagnat



Ubo



Hirap sa paghinga

Ano ang maaari kong gawin upang maprotektahan ang aking sarili at ang iba pa mula sa mga impeksyon sa palahingahan tulad ng novel coronavirus?

- Manatili sa bahay kapag ikaw ay may sakit.
- Limitahan ang malapit na pakikisalamuha sa mga taong may sakit.
- Hugasan ang iyong mga kamay nang madalas gamit ang sabon at tubig na hindi bababa sa 20 segundo.
- Kung ang sabon at tubig ay hindi kaagad magagamit, gumamit ng isang batay-sa-alkohol na sanitiser ng kamay na hindi bababa sa 60% na alkohol.
- Linisin at disimpektahan ang madalas na hawakan na mga bagay at ang mga ibabaw nito.

- Iwasan ang paghawak sa iyong mga mata, ilong, at bibig.
- Takpan ang iyong pag-uubo o pagbahin ng isang tisyu, pagkatapos ay itapon ang tisyu sa basurahan. Kung wala kang tisyu, gamitin ang iyong manggas (hindi ang iyong mga kamay).
- Gumamit lamang ng mga maskara o takip sa mukha kung ikaw ay may sakit o naatasan na gawin ito ng iyong tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan.
- Magpabakuna para sa trangkaso upang maiwasan ang trangkaso kung hindi mo pa ito nagawa sa panahong ito.